Federal Deposit Insurance Corporation

PARA SA KAAGAD NA PAGLALATHALA

# Ang FDIC Bill of Rights ng Depositor

1) Mayroon kayong karapatan sa awtomatikong deposit insurance coverage kapag nagbukás kayo ng deposit account sa isang bangko na may insurance mula sa FDIC, nang walang karagdagang gastos o aksyon mula sa inyo.
2) Mayroon kayong karapatan sa hiwalay na FDIC insurance coverage para sa mga deposito na nasa mga ibang bangko na insured ng FDIC.
3) Mayroon kayong karapatang kompirmahin na ang isang bangko ay insured sa pamamagitan ng paggamit ng Bank Find na serbisyo ng FDIC (www2.fdic.gov/IDASP/main_bankfind.asp) o sa pamamagitan ng pagtawag sa FDIC nang libre sa 1-877-275-3342.
4) Mayroon kayong karapatan sa deposit insurance coverage na $100,000 para sa inyong mga deposit sa bangko na insured ng FDIC – hanggang $250,000 para sa inyong mga IRA deposit.
5) Mayroon kayong karapatan sa deposit insurance coverage na higit sa $100,000 sa iisang bangko kapag ang mga deposit ay nasa magkakaibang “ownership categories,” tulad ng single, joint at trust accounts.
6) Mayroon kayong karapatang kompirmahin na ang inyong mga deposit ay nasa mga insurance limit sa pamamagitan ng paggamit sa Electronic Deposit Insurance Estimator ng FDIC at sa ibang online resources sa www.fdic.gov/deposit/deposits o sa pamamagitan ng pagtawag sa FDIC sa 1-877-275-3342.
7) Mayroon kayong karapatang masabihan kapag may inaalok ang inyong bangko na financial product na hindi sakop ng FDIC insurance.
8) Mayroon kayong karapatang makuha kaagad ang inyong mga insured deposit kapag bumagsak ang inyong bangko.
9) Mayroon kayong karapatan, kung kayo ay depositor na walang insurance, na makatanggap ng distributions mula sa receivership ayon sa pinahihintulutan ng pagbenta ng assets.
10) Mayroon kayong karapatang makatulog nang mahimbing, dahil nalalaman ninyo na simula nang nilikha ang FDIC noong nakaraang 75 taon, walang depositor ang kailanmang nawalan ng isang sentimo ng insured deposits.